Mensahe Siyam

## Binabasa ang Aklat ng mga Kawikaan nang may Nananalanging Espiritu Upang Makapagbigay Ito sa Atin ng mga Tipak at mga Hiyas upang Palakasin ang Ating Buhay ng Paghahabol kay Kristo para sa Pagsasakatuparan ng Ekonomiya ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Kaw. 1:1-7; Efe. 4:22-24; 6:17-18

**I. Ang mga Kawikaan ay isang koleksyon ng mga salita ng mga pantas (1:1-7); binibigyang-diin nito ang karunungan na natatanggap ng tao sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang pakikipag-ugnay sa Diyos (cf. 2 Cron. 1:10-12; Col. 2:2-3; 1:28-29), at tinuturuan nito ang tao kung paano igawi at itatag ang kanyang pag-uugali sa kanyang pantaong buhay (cf. Fil. 1:20; Gal. 6:7-8; 5:22-26):**

A. Yamang ang mga kawikaan ay pangunahing tinipon ng dalawang hari (sina Solomon at Hezekias) noong kapanahunan ng kautusan, ang aklat ng mga Kawikaan ay maituturing na pandagdag sa kautusan.

B. Ang kautusan ay ang larawan ng Diyos; bilang gayon, hinihiling nito na tupdin ito ng bayan ng Diyos upang sila ay gawing mga kopya ng Diyos para sa Kanyang kahayagan at pagluluwalhati—cf. Roma 8:4.

C. Ang mga Kawikaan, bilang isang pandagdag sa kautusan, ay nagtatagubilin sa mga tao kung paano igawi at kung paano itatag ang kanilang sarili ayon sa mga katangian ng Diyos, yaon ay, ayon sa kung ano ang Diyos.

**II. Ang mga Kawikaan ay may partikular na katangian; yaon ay, inilalahad nito sa atin ang mga salita ng karunungan sa pamamagitan ng maraming sinaunang pantas na tao, na walang pagtutol na itinuturing na mabuti ng lahat ng taong nagbabasa nito; subalit kailangan nating matanto na kung ano ang aklat ng mga Kawikaan sa atin ay nakadepende sa kung anong uring mga tao tayo at sa kung anong paraan natin kinukuha ito:**

A. Kung tayo ay mga etikal na taong may malakas na kaisipan at may naising maging sakdal bilang tunay na mga moral na tao, tiyak na ang aklat na ito ay makatutulong sa ating magtagumpay sa ating paghahabol sa kasakdalan; gayunpaman, hindi ito makatutulong sa atin na maging mga taong namumuhay sa ating espiritu ayon sa Espiritu ng Diyos (2 Tim. 4:22; Roma 1:9; 2:29; 7:6; 8:4-6, 9-11, 16; 1 Cor. 16:18; 2 Cor. 2:13-14; Fil. 3:3; Gal. 5:15-17, 22-25; 6:18; Efe. 5:18; 6:18):

1. Sa Lumang Tipan si Job ay nasiyahan sa kanyang integridad, sa kanyang paghahabol sa pantaong kasakdalan, subalit hindi iyon ang nais ng Diyos sa kanya; sa halip, hinalinhan nito ang ninais ng Diyos sa kanya, at ito ay naging isang kaaway ng Diyos, binibigo si Job bilang isang taong nilikha ng Diyos upang tuparin ang layunin ng Diyos.
2. Ang layunin ng Diyos ay upang matamo Siya ni Job para sa pagluluwalhati ng Diyos, ang kahayagan ng Diyos; ang pinakamataas na paglilingkod na maibibigay natin sa Diyos ay ang matamo natin and Diyos nang sukdulan, ang mapuspos ng Diyos, upang maihayag ang Diyos para sa Kanyang kaluwalhatian—Fil. 3:7-8, 12; Isa. 43:7; 1 Cor. 6:20; 10:31; cf. Juan 17:1.
3. Ang layunin ng Diyos sa paglikha sa tao ay ang matamo Siya ng tao at mapuspos Niya upang maging Kanyang kahayagan, hindi isang kahayagan ng pantaong kasakdalan; samakatwid, ang tagumpay ni Job sa pantaong kasakdalan ay winasak ng Diyos; pagkatapos ay dumating ang Diyos upang ihayag ang Kanyang sarili kay Job, nagpapahiwatig na Siya Mismo ang dapat habulin, tamuhin, at ihayag ni Job—Job 42:1-6; 10:13; Efe. 3:9; Fil. 3:14; 2 Cor. 3:18; 4:16-18.

B. Kapag dumudulog tayo sa aklat ng mga Kawikaan, kailangan nating ibaling ang ating sarili mula sa kaisipan tungo sa espiritu sa pamamagitan ng pananalangin sa ating espiritu (Efe. 6:18; Luc. 18:1; Col. 4:2); kung dudulog tayo sa mga Kawikaan sa ganitong paraan, mahihipo natin ang Salita sa pamamagitan ng bagong tao, at mamumuhay tayo ng isang buhay na hindi sa

pamamagitan ng ating natural na tao, sa pamamagitan ng ating lumang tao, at sa pamamagitan ng ating sarili kundi sa pamamagitan ng Panginoong Hesus, na siyang ating buhay at persona na namumuhay sa ating espiritu (2 Tim. 4:22; Juan 6:57, 63; Jer. 15:16).

C. Dapat nating tanggihan ang paglilinang ng sarili, kondenahin ang pagtatatag ng natural na tao sa lumang nilikha (cf. Mat. 16:24; Roma 6:6; Gal. 2:20), at dumulog sa mga Kawikaan bilang isang naisilang na muling tao sa bagong nilikha (Efe. 4:22-24; 2 Cor. 4:16) sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu kalakip ang Espiritu upang kaugnayin ang salita sa espiritu ng panalangin upang ang salita sa mga Kawikaan ay maging espiritu at buhay sa atin (Juan 6:63; Mat. 4:4; Efe. 6:17-18).

D. Bilang mga Bagong Tipang mananampalataya, dapat tayong manampalataya na ang mga Kawikaan ay isang bahagi ng banal na salita sa Banal na mga Kasulatan ng Diyos; sinasabi ng mang-aawit, "Itataas ko ang aking mga kamay sa Iyong mga utos, na iniibig ko" (Awit 119:48); ang itaas ang ating kamay tungo sa salita ng Diyos ay ang ipahiwatig na mainit at nagagalak nating tinatanggap ito at nagsasabi tayo ng Amen dito (Neh. 8:5-6).

E. Ang mga Kawikaan ay ang hininga ng Diyos upang langhapin natin upang matanggap natin ang panustos-buhay mula sa Diyos; ang Biblia ay ang paghinga palabas ng Diyos; kapag binabasa natin ang anumang bersikulo sa pamamagitan ng lahat ng panalangin, ang pagbabasa-dalanging ito ay nagiging ating paglanghap sa hininga ng Diyos—2 Tim. 3:16; Efe. 6:17-18:

1. Lahat ng salita sa mga Kawikaan ay paghinga ng Diyos, na lubusang naisakatawan kay Kristo; habang binabasa natin ang mga Kawikaan, kailangan nating langhapin ang lahat ng inihinga ng Diyos, lahat ng Kanyang inihinga palabas; sa pamamagitan ng paglanghap sa dibinong hininga sa mga Kawikaan, lalo nating tinatanggap ang hininga ng nagsasalitang Diyos, lalo nating matatamasa si Kristo—2 Tim. 3:16; Juan 20:22.
2. Samantalang ang mga anak ni Israel ay inatasang ingatan ang mga utos, mga alituntunin, at mga ordinansa, tayo ngayon ay kailangang ingatan si Kristo; sa pamamagitan ng pagkuha kay Kristo, pag-iingat kay Kristo, at pagtangan nang mahigpit sa Kanya, ay matatamo natin Siya, matatamasa Siya, at maipamumuhay Siya; kailangan nating ibigin si Kristo, ingatan si Kristo, ituro si Kristo, ibihis si Kristo, at isulat si Kristo—Deut. 6:1, 5-9; Fil. 3:9; 1:19-21a.
3. Dahil ang mga Kasulatan ay ang paghinga palabas ng Diyos, ang paghinga ng Diyos (2 Tim. 3:16), dapat nating langhapin ang mga Kasulatan sa pamamagitan ng pagtanggap sa salita ng Diyos, kabilang ang aklat ng mga Kawikaan, sa pamamagitan ng lahat ng panalangin (Efe. 6:17-18); habang itinuturo natin ang Biblia, dapat inihihinga natin ang Diyos tungo sa mga tao.

F. Dapat nating basahin ang mga Kawikaan sa pamamagitan ng pagiging napuspos ng kapuspusan ng Diyos sa ating espiritu (Efe. 5:18-19; 3:19); higit pa rito, dapat nating basahin ang mga Kawikaan sa Bagong Tipang Espiritu ng buhay (Roma 8:2), gamit ang ating naisilang na muling espiritu (b. 16), at sa pamamagitan ng paghahalo ng panalangin sa ating pagbasa (Efe. 6:17-18) upang maihalo ang mga salita sa espiritu at buhay (cf. Juan 6:63).

**III. Ayon sa ekonomiya ng Diyos, ang malalaking kawikaan, tulad ng mga tipak, at ang maliliit, tulad ng mga hiyas, ay hindi upang itayo natin ang ating lumang tao; sa halip, ang mga ito ay upang itayo natin ang ating bagong tao upang palakasin ang ating buhay ng paghahabol kay Kristo para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos sa pagbubunga at pagtatayo ng Katawan ni Kristo, na napasusukdol sa Bagong Herusalem bilang nais ng puso at sukdulang gol ng Diyos:**

A. Kailangan nating tanggapin ang buháy at gumagawang salita ng Diyos na may nananalanging espiritu upang maitayo natin ang ating bagong tao at upang makilala natin ang ating espiritu mula sa ating kaluluwa—Heb. 4:12:

1. Ang estratehiya ng kaaway ay laging paghaluin ang ating espiritu sa ating kaluluwa; ang pinakamalaking suliranin natin ay ang ating paghahalo; lalo nating nakikilala ang Diyos sa

pamamagitan ng pagiging napuspos ng Kanyang liwanag, ng Kanyang presensiya, lalo nating pahahalagahan ang kadalisayan higit sa kapangyarihan—Mat. 5:8; Luc. 11:34-36; Awit 119:105, 130.

2. Ang paraan upang maalis ang gayong paghahalo ay sa pamamagitan ng pahayag ng Espiritu Santo; ang paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu ay nagaganap kapag nililiwanagan tayo ng salita ng Diyos, sumisinag sa loob natin upang ihayag ang mga iniisip at mga binabalak ng ating puso—36:9; 1 Ped. 2:9.
3. Anuman ang nakikita natin sa ilalim ng pagsinag ng Diyos mula sa Salita ng Diyos ay pinapatay ng liwanag; ang pinakadakilang bagay sa Kristiyanong karanasan ay ang pagpatay na nagmumula sa liwanag; ang paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu ay nagmumula sa pagliliwanag—Isa. 6:1-8; Gawa 9:1-4; 13:9-10.
4. Ang pahayag ay ang pagkakita sa kung ano ang nakikita ng Diyos; ito ay ang pagbubukas ng Diyos sa ating mga mata upang makita ang ating mga binabalak at pinakamalalalim na iniisip sa ating katauhan kung paano ito nakikita ng Diyos; sa sandaling maihantad ng Diyos ang ating mga iniisip at maipakita sa atin ang mga binabalak ng ating puso, ang ating kaluluwa ay maihihiwalay, mahahati, mula sa ating espiritu.
5. Hiwalay sa pagbabasa-dalangin, ang aklat ng mga Kawikaan ay isa lamang koleksyon ng mga kawikaan, subalit kapag babasahin natin ang mga Kawikaan sa paraang nananalangin, yaon ay, kapag ibabasa-dalangin natin ang mga Kawikaan, ang ating pagbabasa-dalangin ay nagsasanhi sa lahat ng kawikaan na maging mga salita ng espiritu at buhay sa atin.

B. Hindi tayo dapat dumulog sa mga Kawikaan bilang tumutupad ng titik kundi bilang naghahanap sa Diyos; dapat tayong maging mga yaong naghahanap sa Diyos nang ating buong puso, yaong naghahanap sa kabutihang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng pamamanhik sa bukas ng Kanyang mukha, yaong humihiling sa Diyos na sanhiin ang Kanyang mukha na magliwanag sa atin, at yaong lumalakad sa presensiya ng Diyos—Awit 27:8; 105:4; 119:2, 10, 58, 135, 168; 2 Cor. 3:6.

**IV. Malinaw na sinasabi sa atin ng Efeso 4:22-24 na ang isang mananampalataya sa loob ni Kristo ay may dalawang tao—ang lumang tao at ang bagong tao; ang lumang tao ay kay Adam sa pamamagitan ng ating natural na kapanganakan, at ang bagong tao ay kay Kristo sa pamamagitan ng isang bagong kapanganakan, ang pagkasilang na muli; kailangan nating mamuhay ng isang buhay ng paghuhubad ng lumang tao at pagbibihis ng bagong tao; ayon sa ekonomiya ng Diyos, ang mga Kawikaan ay hindi dapat gamitin upang linangin at itayo ang ating lumang tao kundi upang linangin at itayo ang ating naisilang na muling bagong tao:**

A. Upang makapasok tungo sa intrinsikong kahulugan ng aklat ng mga Kawikaan ayon sa ekonomiya ng Diyos, kailangan nating maging mga yaong namumuhay ayon sa bagong nilikha (Gal. 6:15); ang lumang nilikha ay ang ating lumang tao sa loob ni Adam (Efe. 4:22), ang ating natural na katauhan simula nang ipinanganak tayo, na walang buhay ng Diyos at dibinong kalikasan; ang bagong nilikha ay ang bagong tao sa loob ni Kristo (b. 24), ang ating katauhan na naisilang na muli ng Espiritu (Juan 3:6), taglay ang buhay ng Diyos at ang dibinong kalikasan na naisagawa tungo rito (b. 36; 2 Ped. 1:4), taglay si Kristo bilang bumubuong-sangkap nito (Col. 3:10-11), at nagiging isang bagong pagkakabuo.

B. Sa ating espiritu ay may kagila-gilalas, kamangha-mangha, naproseso, nagpapaloob ng lahat, pitong ulit na pinatindi, nagbibigay-buhay na Espiritu (Fil. 1:19; Apoc. 4:5; 5:6; 1 Cor. 15:45; 2 Cor. 3:6; Roma 8:16); kapag ineensayo natin ang ating espiritu upang kaugnayin si Kristo bilang buháy na Salita ng Diyos (Juan 1:1; 5:39-40) sa nakasulat na salita ng Diyos (10:35), Siya ay nagiging naiaplay na salita ng Diyos bilang ang Espiritu sa atin (Efe. 6:17-18); sa gayon ang ating pagbabasa ng anumang salita sa Biblia ay magiging espiritu at buhay sa atin upang panauliin tayo (Juan 6:63).

C. Kailangan nating ibaling ang Biblia mula sa isang aklat na tila nagtuturo sa atin na linangin ang sarili at upang itayo ang natural na tao tungo sa isang aklat na sa katunayan ay punô ng liwanag, buhay, espiritu, at espiritwal na pagkain sa pamamagitan ng pagtanggap dito sa espiritu at atmospera ng panalangin; ito ang wawasak sa ating sarili, babasag sa ating natural na tao, at magtutustos sa atin ng napasukdol na Espiritu ng Tres-unong Diyos.

**V. Dapat tayong maging mga taong umiibig sa Panginoon at naghahabol kay Kristo, hindi ng kasakdalan ng sarili (cf. Fil. 3:3-14), at umiibig sa salita ng Panginoon sa buong Biblia at binabasa ito nang may nananalanging espiritu, hindi hinahanap ang doktrina ng mga titik kundi hinahanap ang Espiritu at salita ng buhay (cf. Juan 5:39-40; 2 Cor. 3:6); dapat nating basahin ang mga Kawikaan hindi upang magtamo ng anumang tulong para sa paglilinang ng sarili kundi upang pakainin ang ating espiritu upang maipamuhay natin ang isang buhay-Kristiyano na sakdal sa mga dibinong kagalingan, na siyang mga kahayagan ng mga dibinong katangian (Gal. 5:22-23; Mat. 5:5-9).**

*© 2020 Living Stream Ministry*